Government of **Western Australia**
**Mental Health Commission**

May paghihigpit kung kailan gagamit ng ECT. Ang mga ito ay:

- Hindi magagamit ang ECT sa sinumang wala pang 14 na taong gulang.
- Magagamit ang ECT sa isang boluntaryong pasyenteng bata (14-17 taong gulang) nang may pahintulot nila, o kung hindi nila kayang magbigay ng may-kaalamang pahintulot, ng pahintulot ng kanilang magulang o tagapag-alaga. Ang pagsang-ayon ng Mental Health Tribunal ay kailangan din.
- Ang ECT ay magagamit sa mga nasa edad na boluntaryong pasyente (18 taong gulang at higit pa) nang may pahintulot nila, o kung hindi nila kayang magbigay ng may-kaalamang pahintulot, ng pahintulot ng isang tao na may pahintulot gumawa ng pasiya para sa pasyente, tulad ng isang tagapag-alaga.
- Ang ECT ay magagamit lamang sa mga di-boluntaryong pasyente nang may pagsang-ayon ng Mental Health Tribunal.

Kapag ang pagsang-ayon ng Mental Health Tribunal ay kailangan, ang iyong psychiatrist ay mag-aaplay nang nakasulat sa Tribunal at ang Tribunal ay magrerebyu ng iyong kaso.

Kung ikaw ay isang di-boluntaryong pasyente na nasa edad na at kailangan ang ECT upang iligtas ang iyong buhay o mahadlangan kang gumawa ng malubhang pinsalang pisikal sa sarili o sa ibang tao, kung ganoon, ang pagsang-ayon ng Tribunal ay hindi kailangan para sa ECT. Gayunman, kailangang pahintulutan ng Chief Psychiatrist ang ECT.

## Karagdagang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

### Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

# Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan



Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung ano ang maaasahan mo kung ikaw ay ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan.

### Ano ang paggamot?

Ang paggamot na iyong matatanggap mula sa isang mental health service (serbisyo ng kalusugang pangkaisipan) ay ‘paggamot sa sakit pangkaisipan’ na maaaring kabilang ang medikasyon, electroconvulsive therapy, pangkagipitang paggamot sa sakit pangkaisipan at iba pang pangkalusugang pangangalaga.

Karapatan mo bilang isang pasyente na tumanggap ng pinakamabuting posibleng paggamot, at ang iyong psychiatrist at iba pang miyembro ng pangkat ay makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga opsiyon sa paggamot. Isasali ka sa pagplano ng iyong paggamot, suporta at paglabas, at ang iyong pahintulot (pagsang-ayon) ay laging hihilingin.

### Magagamot ka ba kung laban ito sa iyong kalooban?

Kung ikaw ay isang boluntaryong pasyente, hindi ka mabibigyan ng anumang paggamot sa sakit pangkaisipan nang wala kang may-kaalamang pahintulot (o ng may-kaalamang pahintulot ng isang tao na makakapagpasiya para sa iyo, tulad ng isang tagapag-alaga). Ang may-kaalamang pahintulot ay nangangahulugan na nabigyan ka ng lahat ng impormasyon na nais at kailangan mo, at lubusan mong nauunawaan ang iyong pasiyang sumang-ayon sa paggamot.

Kung ang paggamot sa sakit pangkaisipan ay kailangan upang iligtas ang iyong buhay o mahadlangan kang gumawa ng pinsala sa sarili o sa ibang tao, maaari itong ibigay sa iyo nang walang pahintulot. Ito ay tinatawag na pangkagipitang paggamot sa sakit pangkaisipan (emergency psychiatric treatment).

Kung ikaw ay isang di-boluntaryong pasyente (na nasa isang utos-paggamot bilang pasyente sa ospital o utos-paggamot sa komunidad), ikaw ay maaaring gamutin para sa sakit pangkaisipan nang wala ang iyong pahintulot, ngunit ito ay dapat pa ring hilingin.

### Ano ang magagawa mo kung hindi ka nasisiyahan sa paggamot sa iyo?

Dapat kang magsimula sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa pangkat na gumagamot sa iyo at talakayin kung ano ang iyong mga opsiyon.

Kung ikaw ay isang boluntaryong pasyente, makakapagpasiya ka sa sarili kung anong paggamot ang handa mong tanggapin.  Makahihiling ka ng pangalawang opinyon mula sa ibang psychiatrist kung makatutulong ito sa iyo na makapagpasiya kung ano ang gusto mong gawin.

Kung ikaw ay isang di-boluntaryong pasyente, mahihiling mo sa iyong psychiatrist o kaya ay sa Chielf Psychiatrist na magsaayos ng karagdagang opinyon para sa iyo. Ang independiyeteng psychiatrist ay susuri sa iyo at magbibigay ng kanyang nakasulat na opinyon. Kailangang isaalang-alang ito ng iyong psychiatrist, ngunit hindi ubligadong sundin ang karagdagang opinyon.

Matapos matanggap ang karagdagang opinyon, maaari mo ring hilingin sa iyong psychiatrist, o sa Chief Psychiatrist, na magsaayos ng isa pang karagdagang opinyon, gayunman, ito ay baka tanggihan.

Kung hindi ka pa rin nasisiyahan, maaari mong hilingin sa Chiel Psychiatrist na pag-aralan ang iyong kaso. Ang Chief Psychiatrist ay maaari o maaaring hindi humiling sa iyong psychiatrist na pag-aralang muli ang pasiya tungkol sa paggamot.

### Paggamot na medikal (para sa iyong kalusugang pisikal)

Habang ikaw ay isang pasyente, makakapagbigay ka ng pahintulot para sa anumang paggamot na maaaring kailanganin mo. Kung hindi mo kayang magbigay ng pahintulot, may isang taong may pahintulot na gumawa ng mga pasiya para sa iyo, ang magbibigay ng pahintulot para sa iyo. Kung ikaw ay isang di-boluntaryong pasyente sa ospital at nangangailangan ng kailangang-kailangang paggamot na medikal, hindi kailangan ng iyong doktor ng pahintulot para ibigay ito sa iyo, gayunman, dapat niyang ipagbigay-alam ito pagkatapos sa Chief Psychiatrist.

Kung ikaw ay isang di-boluntaryong pasyente sa ospital, maaari kang bigyan ng pagliban upang pumunta sa ibang ospital at magpagamot doon. Habang ikaw ay nakaliban ay di-boluntaryong pasyente ka pa rin at dapat magpatuloy sumunod sa iyong planong paggamot at bumalik pagkatapos ng pagliban.

### Electroconvulsive therapy (ECT)

Ang ECT ay isang paraan ng paggamot para sa ilang sakit pangkaisipan.   Kung ang iyong gamot ay hindi nagpabuti sa iyong kondisyon, o ang iyong sakit ay malalang-malala, ang iyong psychiatrist ay baka magrekomenda ng ECT para sa iyo.